people for Education
BECAUSE EDUCATION MATTERS MOST

Sino and Gumagawa ng Ano sa Sistemang Pang-edukasyon ng Ontario?

Sa Canada, ang pampublikong edukasyon ay responsibilidad ng bawat probinsiya. Ang tip sheet na ito ay makakatulong sa pag-intindi ng istruktura ng pambuklikang edukasyon ng Ontario at ang papel na ginagampanan ng paaralan, school boards at Ministry of Education.

Ang Ministro ng Edukasyon ng Probinsiya
Ang Ministro ng Edukasyon ang may pangkalahatan na responsibilidad sa lahat ng aspeto ng sistema ng pampublikang edukasyon ng Ontario. Ang Education Act ng Ontario ang nagtatakda ng mga tungkulin at responsibilidad ng Ministro ng Edukasyon, school boards, superintendent, principals, guro, magulang at mag-aaral.
Ang Minstro ay responsable sa:

- Paglaan ng patakaran at gabay para sa school board
- Pagbahagi ng pondo para sa school board ayon sa Funding Formula
- Pagtatag ng pamprobinsiyang kurikulum (ano ang dapat matutuhan ng mag-aaral sa bawat hakbang)
- Pagtakda ng pangangailangan para magtapos (diploma at certificates)
- Paggawa ng listahan ng sumang-ayon na mga aklat at iba pang learning resources

Ang Minister ng Edukasyon ay inatasan ng Premier at ibinoto na Miyembro ng Pamprobinsyang Parliament. Puwedeng kontakin ang Ministry of Education sa www.edu.gov.on.ca o sa 1-800-387-5514.

Education Quality and Accountability Office (EQAO)
Ang EQAO ay isang sangay ng gobyerno na tumatanaw sa pamprobinsiyang pagsusulit sa ika-anim, siyam at sampung grado at responsable sa mga sumusunod:

- Pagbuo at pangangasiwa ng mga pagsusulit sa pagbasa, pagsulat at matematika
- Pag-ulat tungkol sa resulta ng pagsusulit na alinsunod sa pamantayan
- Paggawa ng rekomendasyon upang mapabuti ang resulta

Makokontak ang EQAO sa www.eqao.com o sa 1-888-327-7377

Ontario College of Teachers
Ang Ontario College of Teachers ang namamahala sa propesyon ng pagtuturo. Ang responsibilidad nito ay:

- Pagtatag ng pangangailangan para sa teaching certificate at pagtakda ng mga pamantayan para sa teacher training programs
- Pagmamatili ng rehistro ng mga marapat na guro
- Pag-imbestiga ng mga reklamo laban sa mga guro

Makokontak ang Ontario College of Teachers sa www.oct.ca o sa pagtawag sa 1-888-534-2222.

School Boards
May mga 72 school boards sa Ontario, kasama na rito ang 31 English public school boards, 29 Catholic school boards, 4 French school boards at 8 French Catholic school boards. Mayroon ding “school authorities” na namamahala ng mga paaralan sa ospital, sentro ng paggamot, at sa malalayomg lugar ng probinsiya.



People for Education is an independent parents' group working to support public education in Ontario's English, French and Catholic schools.
You can reach us at: P.O. Box 64, Station P, Toronto, Ontario, M5S 2S6
phone: 416-534-0100 fax: 416-536-0100 e-mail: info@peopleforeducation.com or visit: www.peopleforeducation.com

people for Education
BECAUSE EDUCATION MATTERS MOST

Ang school board ang:

- Nagpapasiya kung paano gagamitin ang pondong natantanggap nito mula sa probinsiya para sa pagkuha ng guro at iba pang empleado, pagtayo ng bagong gusali at pag-alaga sa nakatayo na, at pagbili ng gamit sa paaralan.
- Nagpapasiya kung saan at kailan magtatayo ng bagong paaralan o kung ano ang sasarhan.
- Nagbibigay ng programa sa paaralan tulad ng special education, programa sa mga bagong dating at French Immersion
- Nagtatatag ng pang-lokal na patakaran sa edukasyon (halimbawa, safe schools, homework)
- Nagtatakda ng pangtaunang balanseng budget para sa school board
- Nagsisiguro na sumusunod ang mga paaralan sa alintuntunin ng Education Act
- Nagtatatag ng School Council sa bawat paaralan at Parent Involvement Committee sa Board.

Ang mga trustees ay hinahalal sa school board sa panahon ng pangmunisipyong halalan. Sila ang kumakatawan sa interes ng mga magulang at mag-aaral sa lugar nila. Umuupo sila sa mga komite na nagtatalakay ng pagtatalsik ng mag-aaral at nagpapasiya tungkol sa budget ng school board. Maaaring tanungin kung sino ang trustee sa inyong lugar sa opisina ng paaralan o sa website ng iyong school board.

Ang mga school superintendents o supervisory officers ay empleado ng school board at sila ang responsible sa grupo ng paaralan sa bawat school board. Ang mga superintendents ay maaaring makasama sa suspension appeals, special education meetings, at mga hiling na dumalo sa ibang paaralan. Ang superintendents ay maaring italaga ng Board na mamahala ng programa na sakop ng buong Board (halimbawa, superintendent for especial education). Maari mong kontakin ang iyong school superintendent kung hindi ka matulungan ng iyong school principal.
Mahahanap ang kompletong listrahan ng school boards sa buong probinsiya sa:
http://esip.edu.gov.on.ca/english/core/BoardDirectory.asp

Mga Paaralan
Ang Principal ang responsable sa pagpapatakbo ng indibidwal na paaralan. May isa or higit pang vice-principal na maaaring italaga na tumulong sa kanila. Ang principal ang responsible sa:

- Pagtanaw ng pagtuturo at kurikulum sa paaralan at pagpasiya sa School Improvement Plan
- Pagpamahala ng guro at iba pang empleado
- Pagtanggap ng mag-aaral at pagpasiya tungkol sa special education placements
- Pagbantay ng school budget at pagsiguro na ang gusali at pasilidad ay minamatili
- Pagpasiya sa paglaan ng specialized staff tulad ng pinuno ng kagawaran, ispesialista sa arte at aklatan
- Pagmamatili ng student records at pagsiguro na ang report cards ay pinadala sa mga magulang



People for Education is an independent parents' group working to support public education in Ontario's English, French and Catholic schools.
You can reach us at: P.O. Box 64, Station P, Toronto, Ontario, M5S 2S6
phone: 416-534-0100 fax: 416-536-0100 e-mail: info@peopleforeducation.com or visit: www.peopleforeducation.com

people for Education
BECAUSE EDUCATION MATTERS MOST

- Pagpapatupad ng disiplina sa mga mag-aaral at pagpasiya tungkol sa suspensions at posibleng pagpatalsik
- Pag –anyaya ng paglahok ng mga magulang, pagtulong sa fundraising, at pagbuo ng patakaran tungkol sa mga bagay tulad ng homework at Code of Conduct ng paaralan.

Mga Guro

Ang mga guro sa Ontario ay kailangang may kilalang teachers certificate upang magturo sa pampublikong sistema ng edukasyon. Ang mga guro ay responsable sa:

- Paghanda ng lesson plans, pagturo ng klase, at pag-tantiya ng progreso ng mag-aaral
- Pananatili ng disiplina sa klase
- Pagpapatakbo ng extra-curricular sports, clubs at activities (boluntaryo)
- Pakikipag-usap sa mga magulang tungkol sa progreso ng mag-aaral

Student Councils

Ang student councils ang nagpapayo sa principal at school board. Bawat paaralan ay kailangang may school council at kasali sa mga miyembro nito ang mga magulang, principal, guro, mag-aaral (sa mataas na paaralan), isang empleado na hindi nagtuturo at isang kinatawan ng komunidad. Ang pinakamaraming miyembro ay mga magulang at ang tagapangulo ay kailangang isang magulang. Ang principal ay hindi bumoboto. Ang school councils ay responsible sa:

- Pagbibigay ng impormasyon sa mga magulang at komunidad at pag-hingi ng pakikilahok sa mga paksang tinatalakay sa kasalukuyan
- Pagpayo sa principal at shool board tungkol sa pangtaunang kalendaryo ng paaralan, stratehiya sa pagpapabuti ng pagganap, alituntunin sa pagkilos at pananamit, pamantayan ng pagpili ng principal at kung anong patakaran ng board na maaapekto ang paaralan.

Karamihan ng school councils ay aktibo sa pag-organisa ng sosyalan para sa komunidad ng paaralan at sa paglikom ng pera. Mas maraming iimpormasyon ukol sa school councils sa: http://www.edu.gov.on.ca/eng/general/elemsec/council/guide.html

Para sa karagdagang impormasyon
Hanapin ang impormasyon tungkol sa pampublikong edukasyon ng Ontario at paano ka maaring makilahok sa:

People for Education
www.peopleforeducation.com
The Ontario Association of Parents in Catholic Education
www.oapce.on.ca
The Ontario Federation of Home and School Associations
www.ofhsa.on.ca